

IBONG ADARNA BUOD NG BUONG KWENTO

(Maikling Buod)



deviantart.com/princess-phoenix

Ang Ibong Adarna na sinasabing isinulat ni José de la Cruz ay nakasentro sa isang ibon na may angking kakayahan na magpagaling ng may sakit sa pamamagitan ng kaniyang awit.

Ipinapakita sa kwentong ito ang mga pagsubok na kayang pagdaanan ng isang tao alang-alang sa pagmamahal, sa pamilya, at sa taong iniibig.

Ang aklat na Ibong Adarna ay mahaba kung babasahin at kailangang paglaanan ng ilang oras para matapos. Upang mas mabilis na maintindihan ang koridong ito, ginawa namin ang pinaikling bersyon ng Ibong Adarna buod ng buong kwento na iyong mababasa sa ibaba.

Kung interesado ka namang kilalanin ang mga tauhan sa nasabing korido, bisitahin ang aming post na Ibong Adarna Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa.

Para naman sa buod ng bawat kabanata, bisitahin ang Ibong Adarna Buod ng Bawat Kabanata 1-46 with Talasalitaan.

Maikling Buod ng Ibong Adarna

Nagkaroon ng malalang sakit ang hari ng Berbanya na si Don Fernando dahil sa isang masamang panaginip.

Nakita niya sa kaniyang panaginip na pinaslang ng dalawang buhong ang bunso niyang anak na si Don Pedro at pagkatapos ay inihulog ito sa balon.

Ayon sa isang medikong paham, tanging ang awit lamang ng Ibong Adarna ang makakapagpagaling ng karamdaman ng hari.

Inutusan ng hari ang panganay na anak na si Don Pedro na magtungo sa bundok Tabor at hanapin ang puno ng Piedras Platas dahil dito dumadapo ang Ibong Adarna. Nabigo itong mahuli ang Ibong Adarna dahil naging bato ito nang mapatakan ng dumi ng ibon.

Sunod na inutusan ng hari si Don Diego ngunit nabigo rin ito. Natulad lamang siya sa sinapit ng panganay na kapatid.

Huling inutusan ni Haring Fernando ang paborito niyang anak na si Don Juan. Sa kaniyang paglalakbay ay tinulungan siya ng isang matandang ermitanyo kaya nailigtas niya ang kaniyang mga kapatid na naging bato.

Nang pabalik na sa Berbanya ay pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan. Binugbog nila ito at iniwang nakahandusay sa daan habang sila ay umuwi sa kaharian dala ang ibong Adarna.

Muling tinulungan ng ermitanyo si Don Juan kaya ito nakabalik sa Berbanya.

Nagalit si Don Fernando nang malaman ang pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego. Napatawad naman ito ng hari dahil inihingi ito ng tawad ni Don Juan.

Dahil sa anking ganda ay nawili ang hari sa ibon. Sa takot na mawala ang ibon ay inutusan niya ang tatlong anak na magbantay. Nakatulog si Don Juan habang nagbabantay sa ibon at pinakawalan ng dalawang magkapatid ang Ibong Adarna.

Dahil sa takot na baka maparusahan ng ama ay tumakas ito at naglakbay hanggang sa makarating sa Armenya upang doon manirahan. Doon ay sinundan naman siya ng kaniyang mga kapatid.

May natuklasan sila doon na mahiwagang balon. Lahat sila ay nagtangkang bumaba ngunit si Don Juan lang ang nakapagpatuloy hanggang sa pinakailalaim na bahagi. Nang maabot ang kailalimang bahagi ay natuklasan niya ang isang lugar na malaparaíso sa ganda.

Nakilala niya doon sina Donya Juana at Prinsesa Leonora. Natalo niya ang mga tagapagbantay ng mga prinsesa katulad ng higante at serpyente na may pitong ulo. Inilabas niya ang mga ito sa balon ngunit biglang naalala ni Prinsesa Leonora ang naiwang singsing.

Muling bumalik si Don Juan sa balon upang kuhanin ang singsing. Nang makarating sa baba ng balon ay pinutol ni Don Pedro ang lubid.

Inutusan ni Prinsesa Leonora ang kaniyang alagang lobo upang iligtas si Don Juan.

Nang makaligtas at gumaling ang kanyang mga sugat ay muling nagkita si Don Juan at ang Ibong Adarna. Inutusan ng ibon na pumunta ang prinsipe sa Reyno delos Cristales.

Ginabayan siya ng mga ermitanyo at inihatid siya ng isang olikornyo papunta sa reyno. Inabot siya ng isang buwan sa paglalakbay bago tuluyang makarating sa banyo na paliguan ni Maria Blanca, isa sa mga prinsesa ng Reyno delos Cristales na anak ng tusong hari na si Salermo.

Doon ay humarap siya sa iba't-ibang pagsubok ni Haring Salermo upang payagan na mapasakanya ang anak na si Maria Blanca. Sa huling pagkakataon ay naisahan ng hari si Don Juan.

Nalaman ni Maria Blanca ang plano ng ama kaya tumakas siya kasama si Don Juan. Dahil sa galit ay isinumpa ni Haring Salermo na makakalimot si Don Juan at pagtataksilan si Maria Blanca.

Nang makabalik sa kaharian ng Berbanya ay nakalimot nga si Don Juan at inibig si Prinsesa Leonora. Hindi ito matanggap ni Maria Blanca kung kaya't nagpanggap siya bilang emperatris na panauhin sa kasal nina Don Juan at Prinsesa Leonora.

Gumawa ito ng paraan upang ipaalala sa prinsipe ang mga pagsubok na napagdaan at ang pag-iibigan nilang dalawa ngunit nanatiling tapat si Don Juan kay Prinsesa Leonora.

Paglaon ay muling bumalik ang alaala ni Don Juan at humingi ng tawad. Nangako ito na hindi na muli magtataksil.

Ipinamana kay Don Diego at Prinsesa Leonora ang kaharian ng Berbanya samantalang si Don Juan at Maria Blanca naman ang namuno sa Reyno delos Cristales.

You May Also Like

